



## Iginawad ng Kenneth Rainin Foundation ang 2023 Rainin Fellowship sa Apat na Angkla ng Dalubsining sa Bay Area

*Ang 2023 pangkat ng dalubsining ay makatatanggap ng \$100,000 ng walang paghihigpit bilang karagdagan sa iniakmang pandagdag na suporta*

(Oakland, CA – Abril 26, 2023) Inihayag ng **Kenneth Rainin Foundation** ngayon ang mga napiling tatanggap ng Rainin Fellowship sa 2023, ang ika-tatlong taong inisyatiba na nagtataguyod sa malikhaing dalubsining sa iba't-ibang larangan sa Bay Area. Pinangangasiwaan ng mga **Dalubsining sa Estados Unidos**, ang taunang Samahan ay maggagawad sa apat na dalubsining at inisyatiba para sa samahan ng mga dalubsining ng \$100,000 ng walang paghihigpit, pati na rin ang karagdagang suporta upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan at layunin ng bawat Samahan, kasama ang pinansyal na pagpapalano, gabay at pag-alalay ng mga dalubhasa at serbisyong legal.

Ang samahan ang nagbibigay ng pondo para sa mga dalubsining ayon sa apat na mga larangan – **Sayaw, Pelikula, Pampublikong Lugar, at Teatro** – na malalim ang dedikasyon sa sistema ng sining panrehiyon. Ang mga dalubsining na ito ang nagtutulak sa hangganan ng malikhaing paggawa, naka-angkla sa mga lokal na komunidad, at nagpapaulad sa larangan.

Bilang naka-angklang dalubsining, ang Rainin Fellows ay mahalaga sa kanilang mga komunidad. Ang 2023 Rainin Fellows ang magpapakilos sa malawakang sakop ng tiyak na lugar ng pagkukuwento at mga gawaing pansining sa komunidad upang mapabuti ang makabagong pamamaraan sa paggawa ng sining at magkaroon ng malaking epekto sa lipunan. Ang samahan sa taong ito ay may kalakip na kasaysayan sa rehiyon, nagpapalakas sa mga kuwento ng diaspora, nagbibigay diin sa hindi pantay na sistema, at nagbibigay-galang at nagpapalawak sa pamana ng mga aktibista mula sa Bay Area.

Ang 2023 Rainin Fellows ay sina:

- **[Mohammad Gorjestani](#) (Pelikula)** ay isang direktor, litratista, dalubsining sa maraming larangan, at nagtatag ng premyadong malikhaing istudyo at produksyon na kompanyang Even/Odd. Ang kanyang mga gawa ay sa pagitan ng kathang-isip at hindi kathang isip na may kaakit-akit at lumilitaw na pananaw mula sa komunidad at mga kulturang nagpalaki sa kanya bilang unang henerasyon ng imigrante mula sa Iran na lumaki sa pampublikong pabahay sa Bay Area. Kabilang sa kanyang mga pelikula kamakailan at maiikling gawa ay ang Magkapatid na Puso (Sister Hearts), Kanlungan (Refuge) at Exit 12 na nabili ng Searchlight Pictures. Ang Exit 12 ang nanalo ng Jury Prize sa SXSW, Camden International Film Festival at pitong kuwalipikadong paglahok sa Oscar, at nanalo ng parangal bilang Vimeo's Video of the Year. Nakakuha sya ng labing dalawang Vimeo Staff Picks at anim na Webby Awards. Siya rin ang dalubsining sa likod ng 1-800 Happy Birthday, ang proyektong nagtatampok sa booth ng telepono na naging mahalagang alaala ng naiwang mensahe sa voicemail ng mga biktima ng pagpatay ng kapulisan. Si Gorjestani ang isa sa nagtatag ng Adachi Project, ang natatanging uri ng proyektong kuwentong salaysay kasama ng Tanggapan ng Tagapagtanggol ng Publiko sa San Francisco.

- **Joanna Haigood (Sayaw)** ay isang koreografo at dalubsining na lumilikha ng trabaho na gunagamit ng natural, arkitektura at kultural na kapaligiran bilang mga punto ng pag-alis para sa paggalugad at pagsasalaysay ng paggalaw mula noong 1980. Kasama sa tanghalan ni Haigood ang terminal ng mga butil, ang toreng relo, ang palasyo ng anto Ppapa, ang tanggulang militar, at ang milyang kalsada ng kapitbahayan sa Timog Bronx. Kinomisyon ang kanyang mga gawa sa pamamagitan ng mga institusyon sa sining kasama na ang Pagsayaw sa mga Kalsada (Dancing in the Streets), Jacobs's Pillow Dance Festival, Walker Arts Center, ang Museo ng Paggalugad (Exploration Museum) ang Pagdiriwang sa Nasyonal na Sining ng mga Itim (the National Black Arts Festival), at ang Pagdiriwang d'Avignon (Festival d'Avignon). Siya ay pinarangalan ng Guggenheim Fellowship, Herb Alpert Award sa Sining, USA Fellowship, New York Bessie Award, at ang Doris Duke Artist Award. Si Haigood ay pinalad na maging gabay sa mga natatanging kabataang alagad ng sining sa buong mundo sa École Nationale des Arts du Cirque sa France, ang Trinity Laban Conservatoire of Music and Dance sa Inglatera, Spelman College, at marami pang iba, kasama ang mga kasapi sa kanyang kompanyang Zaccho Dance Theatre at sa pamamagitan ng kanyang mga workshop.
- **Related Tactics (Pampublikong Lugar)** ay isang makasining na ugnayang itinatag noong 2015 sa pagitan ng mga dalubsining at manggagawang kultura na sina Michele Carson, Weston Teruya at Nathan Watson. Ang tatlong dalubsining na may kulay ay nagsama-sama upang maagap at partikular na tugunan ang mga epekto ng sistematikong rasismo at paghaharing puti at lumikha ng mga puwang para sa mutwal na suporta at transpormasyon. Ang kanilang mga proyekto ay gumagalugad sa ugnayan sa pagitan ng sining, kilusan para sa katarungang panlipunan, at ang publiko sa pamamagitan ng pagpapalitan ng iba't-ibang larangan, at ang pagbuo ng desisyon sa pamamagitan ng pag-uusap ng mga grupo. Ang mga proyekto ng Mga Kaugnay na Taktika ay itinanghal ng Wexner Center for the Arts, Berkeley Art Center, The Luminary, Center for Craft, Southern Exposure at Chinese Cultural Center ng San Francisco. Sila ay sinuportahan sa pamamagitan ng Kala Art Institute's Print Public, isang Craft Research Fund Artist Fellowship, isang CoLab na residensya mula sa Lucas Artists Program of Montalvo Art Center, at ang mga gantimpalang kaloob ng San Francisco Arts Commission at ang Ruth Foundation for the Arts.
- **Sean San José (Teatro)** ay isang manunulat, direktor, tagapagtanghal at isa sa nagtatag ng Campo Santo, isang pangkat ng pagtatanghal para sa mga Taong may Kulay sa San Francisco. Itinatag noong 1996, ang Campo Santo ay nakatuon sa pagpapalago ng mga bagong pagtatanghal at pangangalaga sa mga nakasentrong tagapanood na Taong may Kulay at nakapagtanghal na ng mahigit sa isang daang mga bagong gawa. Si San José ay nasa kanyang ikalawang taon bilang Artistik Directkor sa Magic Theatre, kung saan siya ang unang Taong may Kulay na humawak ng posisyon sa kasaysayan ng teatro. Sa nakalipas na labing limang taon, si San Jose ang Direktor ng Programa ng Pagtatanghal para sa iba't-ibang uri ng Larangan para sa Sining, ang kahalili ng San Francisco sa mga naunang lugar para sa sining. Kasama rin syang lumikha sa Alma Delfina Group-Teatro Contra el SIDA at Pieces of the Quilt, ang koleksyon ng mahigit sa limampung maiikling palabas tungkol sa AIDS. Kinomisyon sya sa pagsusulat at produksyon ng Play On! para sa Oregon Shakespeare Festival, American Conservatory Theater, Yerba Buena Center for the Arts, Ictus Productions, Kronos Quarter, KULARTS, at iba pa.

“Labis ang aming kasiyahan para ipahayag ang ikatlong taunang samahan ng Rainin Fellows. Ang kanilang mga malikhaing kasanayan na nagtutulak sa hangganan, pagtatanghal, dula, pelikula, at mga akda ay nagbibigay liwanag at higit na nagpapayaman sa matagal nang kasaysayan ng kultural na eksperimento at pagbabago sa Bay Area,” ayon kay **Ted Russel, Direktor, Arts Strategy Ventures sa Kenneth Rainin Foundation**. “Isang malaking pribilehiyo ang magbigay galang sa natatanging angkla ng mga dalubsining at ang kanilang malaking epekto. Ang mga bisyonaryong ito ay tumutulong sa iba pang dalubsining upang magsikap at pagbutihin ang kalidad ng pamumuhay sa ating pinagsama-samang komunidad.”

Ang napiling Samahan sa taong ito ay nominado ng mga dalubsining mula sa Bay Area at mga namumuno sa kultura at pinili sa dalawang-parteng masusing pamamaraan ng pagsusuri sa tulong ng mga manunuring nasyonal at tampok ang apat na lokal na hurado. Ang mga manunuri ay sina **Roya Amirsoleymani, Dominique Atwood, Casey Emile Baron, Zandashé Brown, Lisa Gonzales, Ka Oskar Ly, Nico Rodriguez Melo, Hana S. Sharif, Paz Tanjuaquio, Lauren Turner Hines, Rita M. Rufino Valente-Quinn, at Jennifer Wilson.** Ang mga hurado ay sina **Rotimi Agbabiaka, Fay Darmawi, Lily Kharrazi, at PJ Gubatina Policarpio.**

Ang Rainin Fellowship ay itinatag upang makilala at masuportahan ang mga bisyonaryong dalubsining sa Bay Area na may malalim na dedikasyon sa rehiyon at ang kanilang ginagawa ay mayroong impluensya at nagbibigay inspirasyon sa iba. Layunin nitong suportahan ng buo ang mga dalubsining upang makabuo ng pangmatagalang sistema sa sining at kapaligiran. Ang patakaran ng Samahan ay nakabase sa pagtitiwala sa mga saligang pilantropo na nagbibigay pugay sa mga angkla ng kultura at nakatuon sa pangangailangan ng mga dalubsining. Sa pamamagitan ng pagbigay ng makahulugan, walang paghihigpit na paggawad ng gantimpala pati na rin ang iba't-ibang uri ng suporta, ang Samahan ay tumutulong na tiyakin na mayrong tahanan ang mga bisyonaryong dalubsining sa Bay Area.

Marami pang impormasyon tungkol sa Fellows at ang programa ng Fellowship sa taong ito ay matatagpuan sa website ng Kenneth Rainin Foundation [dito](#).

###

### **Tungkol sa Kenneth Rainin Foundation**

Ang Kenneth Rainin Foundation ay pampamilyang pundasyon na nakikipag-ugnayan sa may malikhaing pag-iisip sa Sining, Edukasyon at Kalusugan. Sa Rainin Foundation, naniniwala kami sa pagtanggap ng maliliit na matalinong panganib upang makamit ang pambihirang tagumpay. Sinusuportahan naming mga bisyonaryong dalubsining sa Bay Area, nagbibigay ng pagkakataon para sa pinakabatang mag-aaral sa Okland, at pondohan ang pananaliksik sa harap ng pagtuklas sa siyensya. Mula noong 2009, ang Pundasyon ay naggawad ng mahigit \$51 milyon sa pagpopondo upang suportahan ang maliliit hanggang katamtamang laki ng mga organisasyon ng sining ng Bay Area na nagtutulak sa mga hangganan ng malikhaing pagpapahayag. Higit pa sa [krfoundation.org](http://krfoundation.org)

### **Tungkol sa mga Dalubsining ng Estados Unidos (United States Artists)**

Ang United States Artists ay isang pambansang organisasyong nagpopondo sa sining na nakabase sa Chicago, IL na nakalikom ng pera at muling namamahagi nito sa anyo ng mga hindi gantimpalang walang paghihigpit sa mga pinakanakakahimok na dalubsining at mga praktisyoner ng kultura ng bansa. Mula nang itatag ito noong 2006, ang USA ay naggawad ng halos 800 indibidwal na may higit sa \$38 milyon ng direktang suporta. Higit pa sa [unitedstatesartists.org](http://unitedstatesartists.org)

### **PRESS CONTACTS**

Joana Urtasun  
Account Coordinator, Cultural Counsel  
Koodinator ng Account, Tagapayong Pangkultura  
[joana@culturalcounsel.com](mailto:joana@culturalcounsel.com)